Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-22 NG AGOSTO, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 182-T'2001*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KAGAWARAN NG PANGANGALAKAL AT INDUSTRIYA NA IPAGKALOOB NA SA PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA ANG HALAGANG DALAWANGDAANG LIBONG PISO (P200,000.00) BILANG GANTIMPALA SA PAMILIHANG BAYAN NG SANTA CRUZ NA NAPILING NAMUMUKOD-TANGING PAMILIHANG BAYAN SA BUONG LALAWIGAN UPANG MAGAMIT BILANG GASTUSIN SA PAGSASAAYOS NG MATADERO AT PAGLALAGAY NG TOLDA SA MGA MAY PUWESTO SA ILANG BAHAGI NG PAMILIHANG BAYAN.*

*SAPAGKAT,* may mga programa at proyekto ang pamahalaang bayan sa Pamilihang Bayan ng Santa Cruz para sa pagpapaayos at pagpapanatili ng mga estrakturang ginagamit sa pagpapatakbo at pamamahala ng pamilihang bayan;

*SAPAGKAT,* ang mga proyektong ito sa may bahagi ng matadero at pangangalaga sa mga may puwesto sa pamilihang bayan ay lubhang mahalaga upang mapanatili ang kalinisan, kaayusan at kapakanan ng mga manininda;

*KUNG KAYAT, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, Eugenio A. Javier, Jr. at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na hilingin sa Kagawaran ng Pangangalakal at Industriya na ipagkaloob na sa Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Laguna ang halagang P200,000.00 bilang gantimpala sa Pamilihang bayan ng Santa Cruz na napiling Namumukod-Tanging Pamilihang Bayan sa buong lalawigan upang magamit bilang gastusin sa pagsasaayos ng matadero at paglalagay ng tolda sa mga may puwesto sa ilang bahagi ng pamilihang bayan.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagawaran ng Pangangalakal at Industriya, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yama at OIC- Market Master, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

9/17/2001